



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 89 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 22, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Pangalawang Punong Bayan Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Leave:

Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
---------------------------	------------

KAPASYAHAN BLG. 509
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG NAGING OSCA HEAD AT DATING PUNONG
BARANGAY NG BARANGAY SAN ISIDRO, ROXAS,
ORIENTAL MINDORO, GNG. EDNA G. GAAD

SAPAGKAT, si Gng. Edna G. Gaad ay naglingkod bilang OSCA Head ng bayan ng Roxas mula Agosto 1, 2022 hanggang Abril 20, 2024;

SAPAGKAT, si Gng. Edna G. Gaad ay naging Punong Barangay ng Barangay San Isidro simula Disyembre 1, 2013 hanggang Nobyembre 30, 2016;


SAPAGKAT, noong Abril 20, 2024 ay pumanaw na si Gng. Edna G. Gaad;


SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod ay nagsikap siya sa abot ng kanyang kakayahan at kaalaman na mabigyan ng kalutasan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga kababayang Senior Citizens at ng kanyang nasasakupan noong siya ay Punong Barangay;

SAPAGKAT, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya nang buong katapatan, kasipagan at may dedikasyon ang tungkuling sa kanya ay iniatang at ipinagkatiwala ng mamamayan at ng pamahalaan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan, responsableng asawa at ina ng kanyang mga anak, tapat at mabait na kaibigan sa kanyang mga kasama sa paglilingkod sa pamahalaan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

sa mga naulila ng dating OSCA Head at dating Punong Barangay Edna G. Gaad.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na naging OSCA Head ng bayan ng Roxas at dating Punong Barangay ng Barangay San Isidro, Gng. Edna G. Gaad, ang tauspusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Gng. Edna G. Gaad lakip ang tauspusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Abril 22, 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


JERWIN S. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan


MICHELLE A. MAHAN-AN
/ 04-23-24